

# MGA SULIRANIN NG PAG-AARAL NG WIKANG PAMBANSA AYON SA ILANG NAG-AARAL

## I. Tungkol Sa Pagsulat Ng Mga Sulating Pansanay At Pangwakas

Ni RAFAEL IGNACIO, III-A-1

(Tagalog)

Mayroon akong suliranin, at iyan ay bunga ng di-pagkakaunawaan ng mga nag-aaral at mga guro. Sa aming pagsulat ng mga pagpapaliwanag o kasaysayan, nakagawian na namin ang mag-patalinghaga upang magkaroon naman ng kulay ang aming sinusulat. Datapwa't sa kasamaang-palad ng mga akda, ay hindi agad natutuklasan ng guro ang kahulugan ng malalalim na salitang nagamit kaya't ang kalalabasan ay mababaan ang kanyang antas, hindi lamang dito kundi doon pa sa kanyang pangwakas na nota! Ano po kaya ang masasabi ng aming mga guro sa bagay na iyan? Mayroon kaya silang maimumungkahi upang sa lalong madaling panahon ay masaksihan natin ang isang masigasig na pagsulat ng kabataan, maging patalinghaga man o hindi?

Sa pagsasama-sama rin ng mga parirala at tambalan o hugnayang pangungusap, kadalasan ay nasasaksihan ko ang isang Tagalog na bubulung-bulong. Dimano'y hindi tama ang pagkakaputo ng guro sa kanyang pangungusap na

nauwi tuloy sa maraming pagwawasto. Sukat daw lagyan ng tuidik sa halip na kuwit, at saglitan ng tuldok-kuwit. Ano pa nga naman ang kalalabasan ng diwa? Nakatatawang pagkakamali, nguni't mapait naman sa panig ng nag-aaral. May magagawa kaya ang ating mga guro upang maiwasan ang ganitong pangyayari?

Sa palagay ko ay nararapat luwag-luwagan ng mga guro sa wikang pambansa ang mga paksa o kaayusan ng mga katha ng mga taal na Tagalog. Maaaring sa pagsulat natin sa wikang Ingles ay sundin natin ang mga ilang tuntunin. Iyan ay di tinututulan sapagka't nalalaman kong waia pa tayong sapat na dunong upang gumawa ng isang kathang malaya ang diwa. Datapwa't sa ating sariling wika ay pagkalooban naman sana tayo ng isang kalayaan sa pagsulat ng kung ano pa mang nais ipahayag na siyang tinitibok ng ating damdamin. Ano pa nga't kahit na sino ay makasusulat ng madidiwang mga akda ayon sa kanyang paniwala at nasa.

NOTE: These little pieces are excerpts from speeches delivered by high-school students in an open forum under the auspices of the Kapulungan ng Inang Wika, a National Language organization in the Arellano High School. The open forum was held for the benefit of National Language teachers, who heard "everything" in another room to which a loudspeaker was connected. Teachers exchanged comments freely in their "sanctum" while the students aired themselves. The experiment proved beneficial to teachers as well as students. The adviser of the KIW is Mrs. M. S. A. Gonzales.

## II. Tungkol Sa Balarila

Ni DONALD S. FERRER, IV-A-1

(Hindi Tagalog)

1. Ang pagtuturo ng mga saligang tuntunin sa wikang pambansa ay dapat gawin sa madaling panahon. Kaya lamang mukhang madaling natututo ang nag-aaral ng mga tuntunin sa balarila ay dahil sa hinahalintulad ang mga nasabing tuntunin sa mga nahahawig na tuntunin sa English grammar. Ito'y di dapat mangyari kung talagang magsasarili ang ating wika. At ang bunga ng gawaing ito ay ang pagkawala ng diwang katutubo sa mga nag-aaral dahil sa Ingles na muna niia iniisip ang kanilang sasabihin at pagkapos ay sinasalin ito sa Tagalog.

2. Lubhang napakabilis ang pagtuturo ng Tagalog. Ang paksa ng mga susulatang pansanay at pangwakas na pinasusulat sa mga nag-aaral ay di para sa mga baguhan na natuturuan pa lamang ng mga pinakamahalagang tuntunin sa balarila.

3. Walang "sistema" sa pagtuturo ng balarila. Halimbawa, ang itinuro sa isang baytang tungkol sa isang bahagi ng pangungusap ay itinutrong muli sa mga baytang na sumusunod. Napaka-kaunti ba ang mga tuntunin tungkol sa bawat bahagi ng pangungusap na maaaring ituro lahat ito sa isang taon?

## III. Tungkol Sa Panitikan

By EMMANUEL YABUT, III-B-5

(Hindi Tagalog)

Sa pagbasa, may mga salita at titik na hindi mabigkas nang tumpak. Halimbawa ang salitang *pera*, na karaniwang binibigkas ng *pira*. Kapag ang titik *h* ay napahalo sa isang salita ay kinahihirapan nang bigkasin. Tulad ng salitang *hipon*, kung binibigkas ay nagiging *ipon*. Ang mga diin, tulad ng *malumay*, *maragsa*, *malumi*, at *mabilis* ay malimit pagkamalian. Tulad ng salitang *dapit*. Ito'y madalas maging *dapit*. Ang *g* ay nagiging *h*. Ang salitang *hulog* ay tuloy nagiging *hulok*. At madalas ding pinagpapalit ang unlaping *kina* at *pina*. Tulad ng salitang *kinagalitan* na binibigkas ng *pinagalitan*. Ang salitang

*isda* ay nagiging *ista*, at sumusunod na rin ang sulat sa bigkas.

Sa aming pagbabasa ng pahayagan, aklat, o babasahing Tagalog, may mga salita kaming kinahihirapang bigkasin, unawain, at basahin, lalo na ang salitang may maraming pantig. Ang katagang *nga*, pag ito'y nasa-gitna ng isang salita, ay binibigkas naming *ga*. Tulad ng salitang *tangan*, na madalas bigkasin ng *tanggan*, na tuloy nagiging sanhi ng halakhakan ng buong klase.

Upang mawasan ang mga ito, isinasamo ko sa aking mga kamag-aaral, lalo na sa mga katulad kong hindi Tagalog, na hanggang maaga'y lunasan ang ganining mga kamalian.

## IV. Tungkol Sa Pagpapalawak Ng Talasalitaan

Ni A. A. REYES, IV-B-3

(Tagalog)

Ang layunin ng sino mang nag-aaral ng isang wika ay ang makapagpahayag ng kaniyang isipan, damdamin o diwa sa pamamagitan ng pagsasalita at pagsulat. Sa paanong maipahahayag ang diwang ito kung salat sa mga salitang

kailangan upang masabi ang ibig sabihin ng walang kalabisan o kakulangan? Isa sa mga makatutulong sa pagpapalawak ng talasalitaan ay ang pagbabasa. Datapwa't saan naroroon ang mga babasahin sa wikang pambansa? Ang

aklatan ng mga paaralan ay salat sa mga aklat, magasin, pahayagan at iba pang mga babasahing Tagalog na maaaring sumakamay ng mga nag-aara'. Marahil ay sasabihin ninyong marami na tayong aklat na nalimbag na sa wikang sarili. Ngunit ang halaga ng mga aklat na ito'y hindi maabot ng karamihan sa mga nag-aaral. Ito ay isa pa ring maituturing na suliranin.

Tangi sa rito, ipagpalagay na nating sa aklatan ng ating Paaralan ay marami ng aklat, magasin at pahayagang Tagalog, at ipagpalagay na rin nating ang mga nag-aaral ay nakabibili ng babasahing Tagalog ngunit anong buti ang magagawa nito kung wala naman siyang mapagsasanggunian tungkol sa

mga bagong salitang nabasa, na di niya nawawatasan ang kahulugan?

Walang ibang lunas sa ganiyang suliranin kundi ang magkaroon ng isang talatinigan, na naglalaman ng lahat ng salitang matatagpuan sa wikang Ingles. Nasubukan na ba ninyong ipahayag ang inyong damdamin, isipan o diwa, sa pamamagitan ng paggamit ng tumpak na salita na walang kahalong salitang banyaga? Tunay at tila ka-hiya-hiyang sabihin na kung nais nating magpahayag ng ating diwa ay umi-isip muna tayo sa wikang Ingles bago natin isatagalog.

Kailangan natin ang isang talatinigan naglalaman ng malalim na salita, ngunit ang kahulugan ay abot sa pagkaunawa ng lahat ng babasa.

#### LETTERS... (Con't. from page 24)

Also may I be informed if there is a reduction for group subscriptions. Some of my teachers are interested in your magazine and if you can send us this information very soon, we may send some subscription to your magazine.

Very sincerely,

FERNANDO C. GUIANG

*Acting Principal*

Bangui, Ilocos Norte

Dear Mr. Guiang:

It is ₱7 a year, 12 issues. Club rate for ten or more subscriptions sent all together is ₱6 each. The difference goes to the club or to whoever bothered to get ten subscribers together. Thank you for your interest.

—Ed.

—o—

Dear Sir:

I wish to acknowledge with thanks the receipt of the complimentary copy of your publication which was sent to me.

In this connection, allow me to express too my sincerest thanks and gratitude for the kind opportunity you

have given me to voice the pent-up disgust within me for the seeming snobbish attitude of some brother professionals towards us—the teachers.

In full cognizance of your kindness in allowing a voice from Marinduque to be heard, I wish to assure you that whatever efforts we may have as a body of teachers from this province will be canalized towards a common objective—that of promoting the success of the "PPSTA". As it is, all teachers in our Division have paid their membership fees to the "PPSTA" and if I am not mistaken, the Marinduque Teachers' Association is already affiliated with the former association.

With hopes for further success of the *PHILIPPINE EDUCATOR* as the real echo of our voice, the 57,000 teachers all over the Philippines, and another assurance that we in Marinduque are with you, I am

Very truly yours,

ERNESTO R. BARBOSA

*Head Teacher*

Torrijos Elementary School

(First Vice President, M. T. A.)

(Con't. on page 47)